# INFORMATION FOR THE SMALL CLAIMS PLAINTIFF
# *KAALAMAN PARA SA NAGHAHABLA*

This information sheet is written for the person who sues in the small claims court. It explains some of the rules of, and some general information about, the small claims court. It may also be helpful for the person who is sued.
*Ang dahon ng impormasyon na ito ay isinulat para sa taong naghahabla sa hukuman para sa habla ng pagsingil ng maliit na halaga. Ipinapaliwanag nito ang ilan sa mga tuntunin/patakaran at ilang pangkalahatang impormasyon tungkol sa hukuman para sa habla ng pagsingil ng maliit na halaga. Maaari din itong maging kapaki-pakinabang para sa taong hinabla.*

---

**"Small Claims Rule"** is a simple and informal procedure where money claims for ₽1 Million Pesos or less are heard by the Metropolitan Trial Courts (MeTCs), Municipal Trial Courts in Cities (MTCCs), Municipal Trial Courts (MTCs) and Municipal Circuit Trial Courts (MCTCs).

The claim or demand may be for the following:

a. Money owed under any of the following:
   1) Contract of lease
   2) Contract of loan and other credit accommodations
   3) Contract of service
   4) Contract of sale of personal property (this excludes the recovery of personal property unless it is the subject of a compromise agreement).

b. The enforcement of a barangay amicable settlement or an arbitration award involving a money claim, not exceeding One Million Pesos (₽1,000,000.00), if within six (6) months from the date of the settlement or date of receipt of the award or from the date the obligation stipulated or adjudged in the arbitration award becomes due and demandable, no execution has been enforced by the Barangay, pursuant to Section 417 of Republic Act No. 7160 (The Local Government Code of 1991).

***"Tuntunin sa Pagsingil ng Maliliit na Halaga"*** *ay isang simple at impormal na pamamaraan sa pagdinig kung saan ang halagang salapi na sinisingil ay ₽1 Miyong Piso o mas mababa. Ang mga ito ay dinudulog sa Metropolitan Trial Courts (MeTCs), Municipal Trial Courts in Cities (MTCCs), Municipal Trial Courts (MTCs) at Municipal Circuit Trial Courts (MCTCs).*

*Ang habla ay maaaring para sa mga sumusunod:*

*a. Ang singil ay pera na inutang sa ilalim ng alinman sa mga sumusunod:*
   *1) Kontrata ng pag-upa*
   *2) Kontrata ng utang at iba pang credit accommodation*
   *3) Kontrata ng serbisyo*
   *4) Kontrata ng pagbebenta ng personal na pag-aari (hindi kasama ang pagbawi ng personal na pag-aari maliban kung napapailalim sa isang kasunduan sa kompromiso).*

*b. Ang pagpapatupad ng isang pag-areglo o arbitration award ng barangay na kinasasangkutan ng pagsingil sa pera, hindi hihigit ng Isang Milyong Piso (₽1,000,000.00) kung sa loob ng anim (6) na buwan mula sa petsa ng pag areglo o sa petsa ng pagtanggap ng arbitration award o mula sa petsa kung kalian nagiging nararapat at hinihingi ang obligasyon na nakatala o naihatol sa arbitration award, wala pang ipinapatupad ang Barangay, alinsunod sa Section 417 ng Republic Act No. 7160 (The Local Government Code of 1991).*

## 1. Who can file a claim?

a. You must be at least eighteen (18) years old to file a claim. If you are not yet eighteen (18), a parent or legal guardian may file the claim for you.

b. If a juridical entity files a claim, it shall notify the court and name its authorized representative in writing, attaching a board resolution or secretary's certificate stating that such representative is duly authorized to file the claim in its behalf.

### *Sino ang maaaring magsampa ng pagsingil?*

*a. Ikaw ay dapat na labingwalong (18) taong gulang upang magsampa ng pagsingil. Kung wala ka pa sa sapat na gulang, isang magulang o ang iyong legal na tagapag-alaga ang magsasampa ng pagsingil para sa iyo.*

*b. Kung ang nagsasampa ng pagsingil ay organisasyon o korporasyon na kinikilala ng batas bilang isang juridical entity, kinakailangan na ipagbigay-alam sa hukuman ang pangalan ng kinatawan na binigyan ng kapangyarihan na magsampa ng kaso, kalakip ang board resolution o secretary's certificate na nagsasaad na ang naturang kinatawan ay pinahihintulutan na magsampa ng pagsingil sa ngalan nito.*

## 2. What must you prepare before filing a claim?

a. Documents and evidence supporting your claims, such as signed deeds and contracts, promissory notes, checks, receipts, affidavits of witnesses, and other important documents.
b. Latest demand letter, if any, its proof of service and receipt.
c. Certificate to File Action from the Barangay, if necessary, and only when you and the defendant reside within the same municipality or city.

### *Ano ang dapat mong ihanda bago ka magsampa ng pagsingil?*

*a. Mga dokumento at katibayan na sumusuporta sa iyong pagsisingil tulad ng pirmadong kasulatan at kontrata, katibayan ng pagkakautang, mga tseke, mga resibo, salaysay ng mga saksi/testigo, at iba pang importanteng mga dokumento.*
*b. Pinakahuling liham ng paniningil, kung meron, katibayan ng pagpapadala at pagkatanggap nito.*

d. If you cannot attend the hearing, a Special Power of Attorney (SPA), board resolution or secretary's certificate, as the case may be, authorizing your representative to represent you during the hearing, enter into an amicable settlement, submit to alternative modes of dispute resolution, and make admission or stipulations of facts and documents without further consultation from you.
e. If you are filing the claim in behalf of a legal entity, a secretary's certificate or board resolution authorizing you to file the case.

*c. Katibayan upang Dumulog sa Hukuman galing sa Barangay kung ikaw at ang hinahabla ay nakatira sa iisang munisipyo o lungsod.*
*d. Kung hindi mo kayang dumalo sa pagdinig, isang Natatanging Gawad-Kapangyarihan (SPA), board resolution o secretary's certificate, kung saan man ito naaayon, na nagpapahintulot sa iyong kinatawan na kumatawan sa iyo sa panahon ng pagdinig, pumayag sa isang mapayapang pagkakasunduan, sumailalim sa alternatibong paraan ng paglutas ng pagtatalo, at gumawa ng pag-amin o pumasok sa kasunduan ng mga pangyayari at dokumento ng walang karagdagan konsultasyon mula sa iyo.*
*e. Kung ang pagsampa ng pagsingil ay sa ngalan ng isang juridical entity, kinakailangan ang secretary's certificate o board resolution na nagpapahintulot sa iyo na isampa ang kaso.*

3. **Where can you file your claim?** You must sue in the right court and location. This rule is called **venue**. If you file your claim in the wrong court, the court can dismiss the claim. The regular rules on venue shall apply, *i.e.,* where you or the defendant resides, or in the case of a non-resident defendant where he or she may be found, at your option.

However, if you are engaged in the business of lending, banking and similar activities, and have a branch within the municipality or city where the defendant resides or is holding business, the case shall be filed in the court of the city or municipality where the defendant resides or is holding business. If there are two (2) or more defendants, the case shall be filed in the court of the city or municipality where any of them resides or is holding business, at your option.

***Saan ka maaaring magsampa ng iyong pagsingil?*** *Dapat kang magsampa sa tamang hukuman at lokasyon. Ang panuntunan na ito ay tinatawag na* ***venue.*** *Kung isasampa mo ang pagsingil sa maling hukuman, puwede itong ibasura ng hukuman. Ang regular na panuntunan sa venue ang nararapat na sundin, halimbawa, kung saan ka o ang hinahabla ay nakatira, o kung sakali man na ang hinahabla ay hindi residente, ang venue ay doon sa lugar kung saan siya matatagpuan, base sa iyong opsyon o pagpili.*

*Gayunpaman, kung ikaw ay nasa negosyo ng pagpapautang, bangko at iba pang katulad na negosyo, at meron kang sangay ng negosyo sa loob ng munisipyo o lungsod kung saan nakatira o nagnenegosyo ang hinahabla, ang kasong pagsingil ay isasampa sa hukuman ng lungsod o munisipyo kung saan nakatira o nagnenegosyo ang hinahabla. Kung dalawa (2) o higit pa ang mga hinahabla, ang paniningil ay dapat isampa sa lungsod o munisipyo kung saan ang alinman sa kanila ay naninirahan o mayroong negosyo, ayon sa iyong pagpipilian.*

4. **How do I file my claim?**
   a. Fill out Form 1-SCC (Statement of Claim).
   b. Attach all documents and evidence supporting your claim.
   c. Make as many copies of all pages of Form 1-SCC and your supporting documents as there are defendants.
   d. If the original documents consist of records that could not be separated, you can photocopy the pertinent document and have it certified by the Clerk of Court of the Office of the Clerk of Court (OCC) as a faithful reproduction of the original.
   e. Have Form 1-SCC and all supporting documents and copies thereof notarized or administered by either the notary public, Clerk of Court of the Office of the Clerk of Court (OCC) where the case is filed, any Branch Clerk of Court, or a Barangay Chairperson.
   f. Pay the filing fee (except if your motion to plead as an indigent has been granted by the Executive Judge).
   g. Get the date and time of your hearing from the court to which your case was raffled or assigned.

***Paano ko isasampa ang aking pagsingil?***
   *a. Punan/Sagutan ang Form 1-SCC (Habla ng Pagsingil).*
   *b. Ilakip ang lahat ng dokumento at ebidensya na sumusuporta sa iyong pagsingil.*
   *c. Gawan ng kopya ang lahat ng pahina ng Form 1-SCC at ng iyong mga pang-alalay na dokumento. Ang dami ng kopya ay dapat kasing dami ng mga hinahabla.*
   *d. Kung ang orihinal na dokumento ay binubuo ng mga talaan na hindi mapaghiwalay, maaari mong ipakopya ang nauukol na dokumento at ipasertipikado sa Clerk of Court ng Office of the Clerk of Court (OCC) na ito ay tapat na kopya ng orihinal.*
   *e. Kailangan na ang Form 1-SCC at lahat ng kalakip na pang-alalay na dokumento, pati ang mga kopya nito, ay nilagdaan at sinumpaan alinman sa harap ng notaryo publiko o Clerk of Court ng OCC kung saan isasampa ang kaso o Branch Clerk of Court o Punong Barangay.*
   *f. Magbayad ng bayarin sa pagsampa (maliban kung ikaw ay pinayagan ng Executive Judge na makapagsampa ng kaso bilang indigent o isang taong walang sapat na kabuhayan).*

*g. Alamin ang araw at oras ng pagdinig mula sa hukuman kung saan ang iyong kaso ay naripa o naitalaga.*

5. **What if I cannot afford to pay the filing fee?** If you are unable to pay the filing fee because you have no adequate financial means, you may file the case as an indigent by filling out Form 6-SCC and attaching the following documents:
   a. Affidavit of Indigency
   b. Barangay Certificate of Indigency
   c. City or Municipal Assessor's Certificate
   d. City or Municipal Treasurer's Office Certificate
   e. Affidavit of two (2) disinterested persons

***Paano kung hindi ko kayang bayaran ang bayarin sa pagsampa?*** *Kung hindi mo mabayaran ang bayarin sa pagsampa dahil wala kang sapat na kakayahang pinansyal, maaari kang magsampa ng kaso bilang isang indigent (taong walang sapat na kabuhayan) sa pamamagitan ng pagpunan o pagsagot ng Form 6-SCC at naglalakip ng mga sumusunod na dokumento:*

*a. Sinumpaang Salaysay na Walang Sapat na Kabuhayan*
*b. Katibayan ng Barangay na Walang Sapat na Kabuhayan*
*c. Katibayan ng Tagatasa (assessor) ng Lungsod o Munisipyo*
*d. Katibayan ng Tanggapan ng Pambayang Ingat-Yaman ng Lungsod o Munisipyo*
*e. Sinumpaang Salaysay ng dalawang (2) taong walang interes sa kaso*

6. **How does the defendant find out about the claim?** You must make sure the defendant finds out about your lawsuit. This has to be done according to the rules. Otherwise, your case may be delayed or dismissed. The correct way of telling the defendant about the lawsuit is called **service of process**. This means serving Summons along with the Notice of Hearing, a copy of the Statement of Claim/s and all its attachments, and a blank copy of Form 3-SCC (Response), to the defendant.

***Paano malalaman ng hinahabla ang tungkol sa pagsingil?*** *Dapat mong siguraduhin na malaman ng hinahabla ang tungkol sa iyong kaso. Kailangan ito ay magawa alinsunod sa mga tuntunin o patakaran. Kung hindi, ang iyong kaso ay maaaring maantala o mabasura. Ang tamang paraan ng pagbibigay alam sa hinahabla tungkol sa habla ay tinatawag na **serbisyo ng proseso**. Ibig sabihin nito ay paghatid/paghain ng Patawag at pagbigay ng kopya ng pagsingil.*

**a. Ways to serve the defendant with Summons:**

***a. Mga paraan para ihatid/ihain ang Patawag at kopya ng pagsingil sa hinahabla****:*

1) **Personal Service.** This entails handing the Summons to the defendant in person and informing him/her that he/she is being served. If he/she refuses to receive and sign for it, the Summons may be left within the defendant/s' view and presence. This shall be done by:

   A) The sheriff, his/her deputy, or other proper court officer; or

   B) You or your representative, when the court so orders under the following instances:

      i. When Summons is returned by the sheriff, his/her deputy, or other proper court officer without being served on any or all of the defendants; and

      ii. Where Summons is to be served outside the judicial region of the court where the case was filed.

*1) **Personal na Serbisyo.** Kailangan na ibigay ng personal ang Patawag sa hinahabla at ipagbigay alam sa kanya na siya ay pinapaghatiran o pinaghainan nito. Kung tatanggi siyang tanggapin at pumirma para dito, ang Patawag ay maaaring iwanan sa harap ng hinahabla na abot kaya ng kanyang paningin. Ito ay dapat gawin ng:*

   *A) Sheriff, kanyang kinatawan, o ibang natatanging alagad/opisyal ng hukuman; o*

   *B) Ikaw, o ang iyong kinatawan, kung ito ay ipinag-utos ng hukuman sa ilalim ng mga sumusunod na pagkakataon:*

      *i. Kapag ang Patawag ay ibinalik ng sheriff, kanyang kinatawan, o ibang natatanging alagad/opisyal ng hukuman nang hindi ito naihatid/naihain sa sino man sa hinahabla o lahat ng hinahabla; at*

      *ii. Kung ang Patawag ay ihahatid/ihahain sa labas ng panghudikaturang rehiyon ng hukuman kung saan sinampa ang kaso.*

2) **Substituted Service**. If, for justifiable causes, the defendant cannot be served personally after at least three (3) attempts on two (2) different dates, service may be effected by:

   A) Leaving the Summons at the defendant's residence with a person residing thereat who

*2) **Kapalit na Serbisyo.** Kung ang personal na serbisyo sa hinahabla ay hindi kayang gawin ayon sa makatwirang kadahilanan matapos ang tatlong (3) beses na pagtangka sa dalawang (2) magkaibang petsa, ang serbisyo ay maaaring maisagawa sa pamamagitan ng:*

is at least eighteen (18) years old and with sufficient discretion;

B) Leaving the Summons at the defendant's office or regular place of business with some competent person in charge thereof. A competent person includes, but is not limited to, one who customarily receives correspondences for the defendant;

C) Leaving the summons, if refused entry upon making your authority or purpose known, with any of the officers of the homeowners' association or condominium corporation, or its chief security officer in charge of the community or the building where the defendant may be found; or

D) By sending an email to the defendant's email address, if allowed by the court.

3) When the defendant is a domestic corporation, partnership, or association with a juridical personality, service may be made on the president, managing partner, general manager, corporate secretary, treasurer, or in-house counsel of the corporation, wherever they may be found. If they are absent or unavailable, service may be made on their secretaries.

4) When the defendant is a prisoner confined in a jail or institution, service shall be effected upon him or her by the officer having management of such jail or institution who is deemed as a special sheriff for this purpose. The jail warden shall file a return within five (5) calendar days from service of Summons to the defendant.

b. **Timing and proof of service**. No matter which method of service, the defendant must be served by a certain date or your case may be dismissed. The sheriff, his/her deputy, or other proper court officer must serve the Summons, together with the Notice of Hearing, within ten (10) calendar days from issuance. If the service is to be done by you, you must inform the court within thirty (30) calendar days from notice if Summons was served or not (Form 5-SCC, or Form 5-A-SCC in case of substituted service).

7. **What if the defendant also has a claim?** Sometimes the defendant may also have a claim against you. This is called a **counterclaim**.

The defendant must raise it as a defense in the same case; otherwise, it will be deemed waived. The defendant can set up a counterclaim in his/her/its verified Response if:

1) It is not more than ₱1 Million Pesos, exclusive of interest and costs. Any amount in excess of P1

*A) Pag-iwan ng Patawag sa tirahan ng hinahabla sa taong nakatira rito na labingwalong (18) taong gulang man lang at may sapat na panghuhusga;*

*B) Pag-iwan ng Patawag sa tanggapan ng regular na lugar ng negosyo ng hinahabla sa taong maaasahan at namamahala nito. Kasama sa taong maaasahan ang taong karaniwan na tumatanggap ng mga sulat para sa hinahabla, ngunit hindi ito limitado rito.*

*C) Pag-iwan ng Patawag, kung hindi pinayagan ang pagpasok sa subdivision, condominium o korporasyon matapos ipag-alam ang iyong awtoridad at layunin, sa alinman sa mga opisyal ng samahan ng mga may-ari ng bahay o korporasyon ng condominium, o ang hepe ng katiwasayan na namamahala ng komunidad o gusali kung saan matatagpuan ang hinahabla; o*

*D) Sa pamamagitan ng pagpapadala ng email sa email address ng hinahabla, kung ito ay pinayagan ng hukuman.*

*3) Kung ang hinahabla ay isang korporasyon, bakasan, o samahan na may juridical personality, maaaring ipadala ang Patawag sa president, managing partner, general manager, corporate secretary, treasurer, or in-house counsel ng nasabing korporasyon, kung saan man sila matatagpuan. Kung sila ay wala o hindi mahanap, maaaring ibigay ang Patawag sa kanilang sekretarya.*

*4) Kung ang hinahabla ay isang preso na nakakulong sa bilangguan, ang Patawag ay ibibigay sa kanya ng opisyal na namamahala sa bilangguang iyon. Ang nasabing opisyal ay ituturing na special sheriff para sa layuning ito. Ang jail warden ay magsusumite ng Pagbalik ng Patawag sa hukuman sa loob ng limang (5) araw sa kalendaryo mula sa pagtanggap ng hinahabla ng Patawag.*

*b. **Timing and proof of service**. Sa alinmang paraan ng paghatid/paghain na nasabi sa itaas, dapat maihatid/maihain sa hinahabla ang Patawag sa tiyak na petsa. Kung hindi, ang kaso mo ay maaaring ibasura. Ang sheriff o ang kanyang kinatawan o ibang natatanging alagad ng hukuman ay dapat ihatid/ihain ang Patawag kasama ang Abiso sa Pagdinig sa loob ng sampung (10) araw sa kalendaryo mula sa paglabas nito. Kung ikaw ang gagawa ng paghatid/paghain, kailangan mong ipagbigay alam sa hukuman sa loob ng tatlumpung (30) araw sa kalendaryo mula sa abiso kung naihatid/naihain mo na ang Patawag o hindi (Form 5-SCC, o Form 5-A-SCC pag substituted service).*

***Paano kung mayroon ding pagsingil ang hinahabla?*** *Minsan ang taong hinahabla ay mayroon ding pagsingil laban sa nagsampa ng kaso (ang naghahabla). Ang pagsingil na ito ay tinatawag na **ganting-pagsingil** (counterclaim).*

*Kinakailangan na isama ang ganting-pagsingil sa parehong kaso; kung hindi, ito ay ituturing na kusang tinalikdan na at hindi na maihahabla pa. Ang hinahabla*

Million pesos, excluding interests and costs, shall be deemed waived;

2) It does not require the joinder of third parties; and
3) It is not the subject of another pending action.

*ay maaring magsampa ng ganting-pagsingil sa kanyang napatunayang Sagot kung:*

*1) Ang ganting-pagsingil ay hindi lampas ng ₱1 Milyong Piso, hindi kasama ang interes at gastos sa pagsampa ng kaso. Ano mang halaga labis sa ₱1 Milyong Piso ay itinuturing na tinalikdan na ng hinahabla;*
*2) Hindi kinakailangan ang pagsali ng ibang partido sa isinasampang kaso; at*
*3) Walang ibang kasong isinampa at nakabinbin sa parehong ganting-pagsingil.*

**8. Do I need a lawyer?** YOU CANNOT HAVE A LAWYER AT THE HEARING. You may consult a lawyer before or after the hearing but the lawyer cannot appear for or with you at the hearing.

***Kailangan ko ba ng abogado?*** *HINDI KA MAAARING MAGSAMA NG ABOGADO SA PAGDINIG. Maaari kang kumunsulta sa abogado bago o pagkatapos ng pagdinig pero ang abogado ay hindi pinahihintulutang dumalo para sa iyo o sumama sa iyo sa pagdinig.*

**9. What if I do not speak English well?** The judge will speak in Filipino or the local dialect. A court interpreter shall also be available on the hearing day.

***Paano kung hindi ako makapagsalitang mabuti ng Ingles?*** *Ang hukom ay magsasalita sa Filipino o sa lokal na dayalekto. Isang panghukumang tagasalin ang tiyak na tutulong din sa araw ng pagdinig.*

**10. What happens if I do not appear at the hearing?** The court will dismiss your Statement of Claim without prejudice. This means that you are allowed to re-file the claim. If the defendant appears at the hearing, he/she/it shall be entitled to judgment on the counterclaim.

***Ano ang mangyayari kung hindi ako dumalo sa pagdinig?*** *Ibabasura ng hukuman ang iyong Habla sa Pagsingil ng walang kapinsalaan/pagtatanggi. Nangangahulugan na ikaw ay pinapayagan na isampa muli ito. Kung dumalo ang hinahabla sa pagdinig, siya ay may karapatan na makakuha ng desisyon sa kanyang mapagpahintulot na ganting-pagsingil.*

**11. What happens if the defendant does not file a verified Response and does not appear at the hearing?** The court shall proceed with the hearing and render judgment as may be warranted by the facts alleged in your Statement of Claim/s.

***Ano ang mangyayari kung ang hinahabla ay hindi naghain ng napatunayang Sagot at hindi dumalo sa pagdinig?*** *Ang hukuman ay magpapatuloy sa pagdinig at magbibigay ng desisyon ayon sa mga katotohanan na isinaad sa Habla ng Pagsingil.*

**12. What happens if the defendant does not file a verified Response but appears during the hearing?** The court will consider any defense the defendant offers during the hearing as his/her/its Response. Hearing will proceed on the same day and the court will render judgment within twenty-four (24) hours from termination of the hearing. If the defendant relies on documentary evidence to support his defense, the court will order him to submit original copies of such documents within three (3) calendar days from the termination of the hearing. Upon receipt thereof or expiration of the period to file, the court will render judgment within twenty-four (24) hours.

***Ano ang mangyayari kung ang hinahabla ay hindi naghain ng napatunayang Sagot ngunit dumalo siya sa pagdinig?*** *Isasaalang-alang ng hukuman ang anumang pagtatanggol na iaalok ng hinahabla sa panahon ng pagdinig bilang Sagot niya. Magpapatuloy ang pagdinig sa mismong araw na iyon at magbibigay ng desisyon ang hukuman sa loob ng dalawampu't apat (24) na oras mula sa pagwawakas ng pagdinig. Kung ang hinahabla ay umaasa sa mga dokumento na ebidensya para suportahan ang kanyang depensa, ang hukuman ay mag-uutos na isumiti ng hinahabla ang mga orihinal na kopya ng mga naturang dokumento sa loob ng tatlong (3) araw sa kalendaryo mula sa pagwawakas ng pagdinig. Sa pagtanggap ng hukuman ng mga naturang dokumento o sa pagkaubos ng panahon na isumiti ito, ang hukuman ay magbibigay ng desisyon sa loob ng dalawampu't apat (24) na oras.*

**13. What happens if both the defendant and I do not appear during the hearing?** The court shall dismiss with prejudice both the Statement of Claim and the counterclaim.

***Ano ang mangyayari kung parehas kami ng hinahabla na hindi dumalo sa pagdinig?*** *Ibabasura ng hukuman ang parehong Habla ng Pagsingil at ang ganting-pagsingil.*

**14. What happens at the hearing?** Be sure you are on time for the hearing. You must bring with you the original affidavits of witnesses, receipts, and any evidence you need to prove your case, if these have not been previously submitted to the court. If you are representing a juridical entity, you must bring your original written authority to appear at the hearing and to enter into an amicable settlement, submit

***Ano ang nangyayari sa pagdinig?*** *Siguruhing nasa takdang oras ka para sa pagdinig. Dapat mong dalhin ang mga orihinal na sinumpaang salaysay ng mga saksi o testigo, mga resibo, at anumang ebidensya na kakailanganin mo para mapatunayan ang iyong kaso, kung ang mga ito ay hindi mo pa nabibigay sa hukuman. Kung ikaw ay kumakatawan sa isang organisasyon/samahan na*

to alternative modes of dispute resolution, and enter into stipulations or admissions of facts and of documents.

If you or your representative and the defendant or his/her/its representative appear at the hearing, the judge will listen to both of you. The judge will conduct mediation and encourage you and the defendant to settle your case. If you do not settle, the judge will render judgment within twenty-four (24) hours from termination of the hearing. You cannot appeal the decision.

*kinikilala ng batas bilang isang juridical entity, dapat mong dalhin ang orihinal na nakasulat na kapangyarihan para ikaw ay dumalo sa pagdinig at pumasok sa mapayapang pagkakasunduan, sumailalim sa alternatibong paraan ng paglutas ng pagtatalo, at pumasok sa kasunduan at gumawa ng pag-amin ng pangyayari at ng mga dokumento.*

*Kung ikaw at ang hinabla ay dadalo sa pagdinig, ang hukom ay makikinig sa inyong dalawa. Ang hukom ay mamamagitan at hihikayatin kayo na mag-ayos at lutasin ang inyong kaso. Kung hindi kayo magkakasundo, magbibigay ng hatol ang hukuman sa loob ng dalawampu't apat (24) na oras mula sa pagwakas ng pagdinig. Hindi ka maaaring mag-apela sa desisyon ng hukuman.*

**15. What happens after a decision is rendered by the Court?** When a decision is rendered in your favor as the plaintiff, and there is proof on record that the defendant received the same, you can cause the execution of the decision by filing an *ex parte* motion (Form 12-SCC). However, if the decision is based on compromise agreement, the proof that the defendant received the decision is no longer necessary.

The decision of the court is final, executory and unappealable.

***Anong mangyayari pagkatapos ng paghatol?*** *Kapag ang desisyon ay nasa iyong pabor, at may patunay na natanggap ito ng hinabla sa rekord/talaan ng kaso, maaari mong ipatupad ito sa pamamagitan ng pagsampa ng ex parte mosyon (Form 12-SCC). Hindi kailangan na abisuhan ang hinabla o ang kanyang partisipasyon. Gayun pa man, kung ang desisyon ay base sa Napagkasunduan o Kompromiso, ang patunay na natanggap ito ng hinahabla ay hindi na kailangan.*

*Ang desisyon ng hukuman ay wakas na, ipatutupad na, at hindi na maaaring i-apela.*